JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malinyo
JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**


# 5

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# EPP 5

## IkalawangMarkahan- Modyul 2:

### Batayang Kaalaman at Kasanayan sa Gawaing-kahoy, Metal, Kawayan, at Iba Pa



Pangalan ng Mag-aaral: ____________________________

Baitang at Pangkat: ____________________________

Pangalan ng Paaralan: ____________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat** | : | Jessie A. Caspe, Michelle A. Delos Santos |
| **Editor** | : | Amancio B. Cainta, Jr. |
| **Tagasuri** | : | Jerry P. Perong |
| **Tagakuha ng Larawan** | : | Michelle A. Delos Santos |
| **Tagalapat** | : | Jessie A. Caspe |
| **Tagapamahala** | : | Ella Grace M. Tagupa,Ed.D. |
| | | Jephone P. Yorong,Ed.D. |
| | | Jerry P. Perong |
| | | Jose C. Overa |
| | | Eldie D. Robaro |




# Alamin

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- Natatalakay ang mga mahalagang kaalaman at kasanayan sa gawaing kawayan at metal.



# Balikan

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Si Mang Amancio ay kilala sa pagiging magaling na karpintero sa Barangay Dampalan. Sa anong gawaing pang-industriyang nahahanay ang kaniyang propesyon.

   A. gawaing-metal　　C. gawaing-elektrisidad
   B. gawaing-kahoy　　D. lahat ng nabanggit

2. Anong bahagi ng niyogang kapaki-pakinabang sa mga mamamayan?

   A. bunga　　C. dahon
   B. kahoy　　D. lahat ng nabanggit

3. Ang molave, narra, at kamagong ay nakapaloob sa anong materyal na industriyal?

   A. niyog　　C. katad
   B. kahoy　　D. himaymay

4. Anong uri ng himaymay na materyal na karaniwan ay gumagapang at ginagamit sa paggawa ng upuan, higaan, at kabinet

A. abaka
B. rattan
C. niyog
D. himaymay

5. Paano napatitibay ang mga balat ng mga hayop na tinatawag ding katad?
A. sa pamamagitan ng paggagamot
B. sa pamamagitan ng pag-aasin.
C. sa pamamagitan ng pananahi
D. sa pamamagitan ng pagdidikit

| Aralin 18 | Batayang Kaalaman at Kasanayan sa Gawaing-kahoy, Metal, Kawayan, at Iba Pa |
|---|---|



# Tuklasin

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang tula.

**Ang Kawayan**

Buhay ay katulad ng isang kawayan
Matigas, matapang, at ‘di-makalawang
Saan man sa bukid ito’y madadatnan
Na tuwirang nakaka-akit ninuman

Kahit anong pagsubok ay haharapin
Ay siguradong malalampasan man din
Na nanatiling nakatayo ng matigas
Ni kailanman ay hindi umaatras

Kaya kawayan ay bigyang importansya
Huwag mong itaboy at ‘wag ibasura
Ito’y mahalaga kaya ‘wag putulin
Upang kawaya’y hindi maalanganin

1. Batay sa tula, saan inihahalintulad ang buhay ng isang tao?
Sagot: ____________________________________________

2. Anu-ano ang katangian ng isang kawayan?
Sagot: ______________________________________________



# Suriin

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang teksto.

**Materyales na Gamit sa mga Gawaing Pang-industriya**

Ang bansang Pilipinas ay sagana sa mga likas na yaman. Bilang patunay, marami tayong mga produkto at natutugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan. Napararangalan sa iba't-ibang larangan sa ibang bansa dahil sa mga yamang mineral, agrikultura, yamang-dagat, at iba pa. Ang mga ito ay patuloy na magagamit hanggang sa hinaharap basta tama ang paglinang at paggamit nito. Ang ilan sa mga materyal na ito ay ang sumusunod:

1. **Kawayan**. Ang kawayan ay isa sa mga pinakakilalang uri ng halaman dahil sa taglay nito ng tatag. Karaniwang makikita na nakatanim ito saan mang bahagi ng ating bansa.

Mula sa maliliit at malalaking kasangkapan, karaniwang ito ay ginagamit ng mga mamamayan. Tinatayang may mahigit 49 nauri ng kawayan. Walo rito ay karaniwang ginagamit sa ating bansa. Ang mga ito ay ang sumusunod:

a. **Anos (***Schizostachyum lima***).** Isang uri ng namumulaklak na kawayang likas na natatagpuan sa ating bansa. Ito ay pinaparami sa pamamagitan ng binhi o ginagamitan ng hiwang rhizome.

   Ginagamit ito sa paggawa ng sawali, pamingwit, at kasangkapang pangmusika. Sa malalayong pook, ginagamit ng ilang hilot ang kutsilyong yari sa Anos para putulin ang lawit ng pusod ng bata.

b. **Bayog (***Dendrocalamus merilliana***).** Ito ay uri ng kawayang tuwid, makintab ngunit walang tinik. Umaabot ang taas nito sa 10 hanggang 25m at may kapal na 4 hanggang 12cm. Ginagamit ito sa paggawa ng bahay, kasangkapan o muwebles, papel,

basket at panggatong. Karaniwan itong nabubuhay sa mababa at katamtamang taas ng lugar.

c. **Botong (***Dendrocalamus latiflorus***).** Ito ay uri ng kawayan na matatagpuan sa mga bansa sa Asya. Sa Pilipinas, ito ay umaabot ng taas na 14 hanggang 20m at nabubuhay sa matataas at mainit na lugar.

Ito ay ginagamit sa paggawa ng bahay, tubong tubig, balsa, pangingisda at papel. Karaniwan, ang mga dahon nito ay ginagamit sa paggawa ng sombrero at pang balot ng gamit.

d. **Buho (***Schizostachyum lumampao***).** Ito ay tinatawag ding sawali at nabubuhay sa matataas at maiinit na lugar. Napaparami ang ganitong uri ng kawayan sa pamamagitan ng pagtatanim ng buto nito. Ginagamit ito sa paggawa ng flute, handicrafts, at mga disenyo sa mga parke.

e. **Kawayang Bolo (***Gigantochloa levis***).** Ang uri ng kawayan na karaniwan ay kumpol sa isang lugar, mabalahibo, at may lapad na 5 hanggang 10cm. Lumalaki ito mula 12 hanggang 20cm. Ginagamit din ito sa paggawa ng haligi at bubong ng tahanan.

f. **Kawayan Kiling (***Bambusa vulgaris***).** Ito ay tuwid at may dilaw na tangkay. Ito ay may taas na umaabot hanggang 17m at may lapad na 15cm. Ito ay makinis at walang tinik. Ang labong nito ay nagsisilbing pagkain at ginagamit sa paggawa ng atchara, paggawa ng papel, sangkap sa mga gamit pampaganda, at ang mga tangkay nito ay ginagamit sa paggawa ng tulay at mga bahay.

g. **Kawayan Tinik (***Bambusa spinosa***).** Ito ay karaniwang may mga tinik at ang tangkay nito ay umaabot ng 10 hanggang 25m, may lapad na 8 hanggang 15cm at namumulaklak. Maari rin itong kainin at ipanggamot

h. **Giant Bamboo (***Dendrocalamus asper***).** Ang uri ng kawayan na ito ay magaspang at karaniwang nasa kumpol. Ito ay may taas na umaabot mula 20 hanggang 30m at may lapad na 8

hanggang 20cm. Ang mga gamit nito ay sa paggawa ng bahay at tulay, instrumentong musikal, chopsticks, muwebles, at lutuan.

2. **Metal.** Tumutukoy ito sa anumang uri ng elemento kagaya ng aluminum, pilak, ginto, at iba pa. Karaniwang inilalarawan ang mga ito batay sa kintab, tibay, pag-conduct ng init at elektrisidad. Ang ilan sa mga kagamitang yari sa metal ay susi, bubong, seradura o kandado, tanikala, tubo, alambre, martilyo, tornilyo, kagamitan sa pagluluto, at mga kubyertos.



# Pagyamanin

**Panuto:** Ibigay ang tinutukoy sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa patlang bago ang bilang.

______________ 1. Ito ay may 49 na uri at walo ay karaniwang ginagamit sa Pilipinas. Matibay at maraming gamit sa pamayanan.

______________ 2.Ang materyal na ito ay binubuo ng iba't-ibang uri ng elemento, makintab, matibay, maaaring daluyan ng kuryente at init.



# Gawain

**Panuto:** Isulat sa hanay ang mga produktong makikita sa kahon na gawa mula sa mga sumusunod na materyales.

| | | |
|---|---|---|
| chopsticks | sombrero | susi |
| atchara | kandado | tanikala |
| papel | martilyo | muwebles |
| | tornilyo | |

| **KAWAYAN** | **METAL** |
|---|---|
| 1. ________________ | 1. ________________ |
| 2. ________________ | 2. ________________ |
| 3. ________________ | 3. ________________ |
| 4. ________________ | 4. ________________ |
| 5. ________________ | 5. ________________ |



# Isaisip

**Panuto:** Hanapin sa kahon ang mga salitang may kinalaman sa ating aralin at bilugan ang mga ito.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | R | T | Y | J | K | B | U | H | O |
| A | F | G | R | B | Q | W | R | T | C |
| W | R | Y | F | G | O | I | Q | E | G |
| A | E | Y | M | H | O | T | W | R | N |
| Y | S | T | E | H | K | K | O | F | M |
| A | D | Y | T | B | J | K | S | N | H |
| N | G | G | A | N | H | C | D | B | G |
| X | C | B | L | N | M | J | H | Z | S |
| T | R | D | F | G | H | J | K | L | B |
| H | Y | B | A | Y | O | G | Y | R | T |



# Tayahin

**GAWAIN A**

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ito ay isang uri ng namumulaklak na kawayang likas na matatagpuan sa ating bansa.

   A. Anos B. Buho C. Kawayan Tinik D. Bayog

2. Isa ito sa mga pinakakilalang uri ng halaman dahil sa taglay nitong tatag at karaniwang nakikita na nakatanim ito saan mang bahaging ating bansa.

   A. Anos B. Kawayan C. Buho D. Kawayang Bolo

3. Ito ay tinatawag ding sawali at nabubuhay sa matataas at maiinit na lugar. Napaparami ang ganitong uri ng kawayan sa pamamagitan ng pagtatanim ng buto nito.

   A. Buho B. Anos C. Botong D. Bayog

4. Ito ay uri ng kawayan na matatagpuan sa mga bansa sa Asya. Sa Pilipinas, ito ay umaabot ng taas na 14 hanggang 20m at nabubuhay sa matataas at mainit na lugar.

A. Botong B. Giant Bamboo C. Kawayang Tinik D. Buho

5. Ito ay karaniwang may mga tinik at ang tangkay nito ay umaabot ng 10 hanggang 25m, may lapad na 8 hanggang 15cm at namumulaklak. Maari rin itong kainin at ipanggamot.

A. Kawayang Tinik B. Buho C. Giant Bamboo D. Anos



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Gumuhit ng produkto na gawa sa kawayan o metal.

**RUBRIK SA PAGGUHIT NG PROYEKTO**

| Pamantayan | Deskripsyon |
|---|---|
| **Napakahusay (15)** | Napakalinaw, napakalinisangpagkaguhit at pagkulay, at napaka-angkopsapaksaangpagkagawa |
| **Katamtaman (10)** | Hindi gaanongmalinaw, hindigaanongmalinisangpagkaguhit at pagkulay, at hindigaanoka-angkopsapaksaangpagkagawa |
| **Di-gaanongMaayos (5)** | Hindi malinaw, hindimalinisangpagkaguhit at pagkulay, at hindiangkopsapaksaangpagkagawa |

## SUSI SA PAGWAWASTO

| BALIKAN | TUKLASIN | PAGYAMANIN | GAWAIN | | ISAISIP | TAYAHIN |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. B<br>2. D<br>3. B<br>4. B<br>5. A | 1. KAWAYAN<br>2. MATIGAS, MATAPANG, AT DI-MAKALAWANG | 1. KAWAYAN<br>2. METAL | KAWAYAN<br>1. CHOPSTICKS<br>2. ATCHARA<br>3. PAPEL<br>4. SOMBRERO<br>5. MUWEBLES | METAL<br>1. KANDADO<br>2. MARTILYO<br>3. TORNILYO<br>4. SUSI<br>5. TANIKALA | 1. KAWAYAN<br>2. BUHO<br>3. BOTONG<br>4. BAYOG<br>5. METAL | 1. A<br>2. B<br>3. A<br>4. A<br>5. A |

# *Sanggunian*

(Gloria A. Peralta, Ed.D., Ruth A. Arsenue, Catalina R. Ipolan, Yolanda L. Quiambao, Jeffrey D. De Guzman, 2016)

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.